

# 1

Pagdating ni Monica sa gate ng lumang bahay nila, naghihintay na ang tagapag-alaga ng mga kabayo. Halatang may bumabagabag dito.

“Naku, kung alam ko lang na isasama mo si Charlie ngayon, sana pinakain ko siya nang mas maaga,” ani Joselito.

Ngumiti ang dalaga. “Okay lang, pinakain ko siya kanina sa kubo,” sagot niya, tinutukoy ang alagang hila. Sinabi niyang siya na ang magpapasok kay Charlie sa kuwadra.

Nakatira ang pamilya ni Monica sa isang lumang bahay sa parteng kanluran. Ang kanilang ancestral home ay may dalawang palapag at old Castilian ang arkitektura. Lolo sa tuhod ni Monica ang nagpagawa niyon matapos ang kasarinlan ng bansa mula sa España.

Napalilibutan ng iba’t ibang halaman ang eleganteng tahanan. May mga puno ng niyog sa harapan nito at mga puno ng mangga at chico sa likuran.

Whenever she would step inside their house,

Monica felt as if she was living in the past. Parang hindi nakatindig sa twenty-first century ang bahay. Kahit tingnan mula sa labas ay walang mababakas na kamodernoohan doon. Kulang na lang ay magsuot siya ng baro't saya.

Mula sa pamilya ng mga magbubukid si Monica. Malawak ang lupain nila sa Cagayan. Siya ang bunsong anak, at may nakatatanda siyang kapatid na lalaki. Ang kuya niya ay kasalukuyang tumutulong na rin sa pamamalakad ng kanilang mga lupang sakahan.

Nasa likod-bahay ang tirahan ng mga alaga. May mga kabayo at mga kalabaw sila. Gumagamit din sila ng mga makabagong makinarya sa pagsasaka. Nasa likod-bahay rin ang mga traktora na pag-aari ng pamilya.

Pagtatanim ng mais ang kabuhayan nila. May-kaya ang pamilya Palma sa bayang iyon, pero mas kilala ang kanyang mga ninuno sa paggiging mapagkumbaba.

Pagkatapos ipasok si Charlie sa kulungan nito, agad pumanhik sa kanyang silid si Monica. Nagbihis siya sapagkat basa na ng pawis ang suot niya.

Napatingin siya sa salamin.

*Umitim na ba ako?* tanong niya sa sarili sa salamin.

Isang buwan pa lang ang nagdaan mula nang magtapos siya ng kursong European Languages major in Italian sa *UP Diliman* at umuwi sa kanila sa Cagayan. Pero pakiramdam ni Monica ay nangitim na siya nang sobra sa loob ng maikling panahong inilagi sa probinsya.

Ang totoo, maganda ang kulay ng kutis ni Monica. Lingid sa kaalaman ng dalaga, marami ang naiinggit sa morena at napakakinis nitong balat. Halos pantay ang kulay ng balat ng dalaga sa buong katawan.

Napakunot-noo si Monica sa nakita sa salamin. Mahaba na ang kanyang buhok—umaabot na iyon sa kanyang balikat at kung hindi siya nagkakamali, pumayat siya.

*Kaasar naman.*

Lumingon siya sa loob ng kuwarto at napansing may naglinis doon. Pinalitan ang bedsheets, pillowcases at kumot. Binuksan niya ang bintana ng silid upang makapasok ang dalisay na hangin. Hindi masyadong mainit dahil maraming puno sa tabi ng bahay.

Pagtingin niya sa orasan, alas cuatro na ng hapon. Bumaba siya sa kusina upang maghanap ng pagkain. Naroon ang isa sa pinakamatagal na nilang kasambahay, si Yaya Concia. Bata pa lamang siya ay inaalagaan na siya nito. At nang mag-aral siya sa Maynila, naging cook nila sa lumang bahay ang matanda.

“Yaya, may natira pa ba tayong buko juice?” tanong niya matapos siyang abutan nito ng bibingka.

“Meron.” Nagsalita itong muli habang inihahanda ang hiling niya. “Gusto kang makausap ng mama mo, ah, nagkita na ba kayo?”

Napasimangot siya. Kung magde-debate lang sila kung kailan siya dapat mag-asawa, ayaw niya munang harapin ito. Sobrang napapagod na siya.

Katatapos pa lamang niyang mag-aral at marami pa siyang gustong gawin sa buhay bago ang pag-aasawa. Iyon nga lang, simula’t sapul ay mabuti siyang anak, masunuring bata. Kahit kailan ay hindi niya sinuway ang kagustuhan ng mga magulang kahit pa sabihing malaya siya sa Maynila.

Naniniwala siyang lahat ng bilin ng mga ito ay para sa kanyang kabutihan. At sinunod niya ang lahat.

Pero ang i-pressure siya na mag-asawa ay parang kalabisan na.

Napasimangot siya. Binago lang niya ang ekspresyon ng mukha nang makita ang reaksiyon ng kanyang yaya. Ngumiti siya para rito.

“Sige po, dederecho po ako agad sa kuwarto ni Mama,” pangako niya.

Matapos kumain ay tumuloy na siya sa silid ng ina. Sa hallway ay napansin niya ang isang portrait. It was of her. Hango sa graduation picture niya. Napangiti ang dalaga. Malamang ay malaking halaga ang ginugol ng mama niya sa pagpapagawa niyon.

Wala namang kaibahan iyon sa normal na larawan. Puwede namang picture frame na lang ang isabit.

*Si Mama talaga, ang old-fashioned! Baka isipin ng mga tao, eh, painting 'to ng lola ko!*

Hindi na siya kumatok pagdating sa pinto ng kuwarto ng ina. Pumasok na siya. May kausap si Luciana Palma sa telepono at mukhang excited ito.

“Sige, Mare, ako ang bahala. Sige na, kaya mo 'yan,” anito sa kausap.

Tila may bahid ng anticipation sa himig nito. Lumingon ito sa direksyon niya at ngumiti sa kanya. Sinenyasan siya nito na maupo muna.

“Tatawag ulit ako, Amiga. God bless,” paalam nito sa kabilang linya.

Nasa *cuarenta y seis* na rin ang kanyang mama. Mabait ito at maunawain. Kung magkakaroon silang dalawa ng di-pagkakaunawaan, ito na siguro ang unang beses na mangyayari iyon. Dahil sa pamimilit nito sa kanya na magpakasal na. Dalawang linggo na nitong ginagawa iyon.

Kahit anong paliwanag niya na wala siyang nobyo, kung sinu-sinong kaklase niya noong high school at elementary ang binabanggit nito.

“Mabuti’t nakauwi ka na, Hija,” anito, muling ngumiti sa kanya.

*Sana naman hindi na niya ako piliting maghanap agad ng mapapangasawa, naisip niya.*

Umupo siya sa isang silya malapit sa ina.

“Gusto n’yo raw po akong makausap, Ma?” Blangko ang expression niya, ayaw niyang ipakita na medyo naiirita na siya sa mga pasaring nito at ng kanyang ama.

Kesyo kailangan na niyang mag-asawa para may mag-alaga sa kanya, at kung anu-ano pang rason.

Tumayo ang ina at nagtungo sa aparador. May kinuha itong brown envelope at iniabot sa kanya. Nagtatakang binuksan niya ang envelope at tumambad sa kanya ang isang all-expense paid travel package patungo sa Italia!

Napanganga ang dalaga sa nakita.

“M-Ma? Ano ‘to?” gulat niyang tanong.

“A peace offering? Graduation gift? Kahit na anong gusto mo.” Nakangiti ito sa kanya.

Hindi maitago ni Monica ang kasiyahan.

Ibig bang sabihin ng mama niya ay hindi na siya nito guguluhin pa at ipi-pressure na magpakasal kaagad?

“Nakita kasi namin ng papa mo na masyado kang malungkutin nitong mga nakaraang araw,” patuloy nito.

Na-guilty siya sa sinabi ng ina. Alam niyang kapakanan niya ang laging iniisip ng mga magulang. Inaalala ng mga ito ang kaligayahan niya.

*Pero tingin ba nila ay magiging masaya ako pag*

*nagpakasal ako nang labag sa kalooban ko? Gosh, I'm only twenty-one, kontra ng isip niya.*

Niyakap niya nang mahigpit ang ina at hinalikan pa ito sa pisngi.

“Thank you, Ma! At least, hindi na ako mamomroblema kung saan ako maghahanap ng groom in the near future!”

“Basta masaya ka, Hija. Naisip ko rin na napakabata mo pa. Ang Papa mo lang naman ang nag-aalala na baka maubusan ka ng matinong mapapangasawa.” Pareho silang nagkatawanan.

Pagkaalis niya sa silid nito ay kaagad siyang pumasok sa sariling kuwarto. Kinuha niyang muli ang laman ng brown envelope at binasa iyong mabuti.

Excited siya sa pamamasyal sa Europa. At sa Italia pa! Masusubukan ang galing niya sa pagsasalita ng Italian. Hilig lang talaga niya ang wikang ito, kaya nang pumasok siya sa kolehiyo, ito ang pinili niyang kurso.

Akala niya ay pagtatawanan siya ng mga magulang at kapatid. Pero kabaligtaran ang nangyari. Suportado ng mga ito ang desisyon niya.



*Romantic Rome - Venice Del Valle*

---

Itinapon niya ang sarili sa kama. Hinalikan niya ang envelope. Pakiramdam niya nanalo siya sa lotto. Hindi niya inaasahan na gagastusan pa ng mga magulang ang ganoong bagay.

*Maglungkut-lungkutan kaya ako every two weeks? Baka malibot ko ang buong mundo!*

“Roam Rome in One Week!” basa niya sa nakasulat.

*Wow!*

Hindi lang isa kundi pandalawang tao ang tour package. Hindi niya agad napansin iyon kanina.

*Siyempre, ayaw ni Mama na mag-isa ako!*

Napaisip saglit ang dalaga at seryosong napatitig sa kisame ng silid.

*Sino’ng isasama ko?*

Kung hindi ang ina, wala siyang ibang close friend kundi si Cheska. Si Cheska na may pagkaprangka kung minsan. Gayunpaman, ito ang best friend niya at mas marami silang pagkakatulad kaysa pagkakaiba. Or at least, iyon ang gusto nilang isipin. High school pa lang ay matalik na niyang kaibigan ang dalaga.

Pati, hindi rin pihado sasama ang ina. Busy ito ngayon dahil malapit na ang harvest season. Pero ito pa rin ang unang aayain niya na sumama. Kahit na ba sabihin na galing mismo rito ang regalong iyon.

Kinagabihan, habang naghahapunan, pinasalamatan na rin niya ang papa niya.

“Thanks, Pa, hindi ko po talaga ’yun inaasahan,” aniya.

Nasa limampu na ang edad ng matanda, ngunit kung titingnan ay tila nasa cuarenta lang. Aktibo kasi sa paggawa sa taniman ang kanyang ama kaya parang hindi nanghihina at tumatanda.

Tumawa ito. “Nagda-drama ka kasi,” paglalambing nito.

Bumaling siya sa ina. “Ma, pangdalawa pala ’yung tour. P’wede mo ba akong samahan?”

Napailing si Luciana sa anak. “Gusto ko sana, Hija, pero alam mo namang malapit na ang anihan.”

“Isama mo na lang si Cheska,” suhestyon ng kuya niya.

Twenty-five na ang kanyang Kuya Ramon. Nagtapos din ito sa Maynila ngunit mas piniling asikasuhin ang taniman nila ng mais. Sa isang taon

ay magpapakasal na ito sa nobyang si Mara. Ngayon pa lang ay halos handa na ang lahat.

Nang magpaalam ito na magpapakasal na, agad na nagpaka-wedding coordinator ang ina. Mas excited pa yata ito kaysa sa bride.

Napabuntong-hininga siya.

Siguradong matutuwa si Cheska, pero nagreview ito para sa Nursing board exam. Sasama kaya ito?

“Basta bibilhan mo kami ng pasalubong!” nakangising tugon ng kuya niya. “Malay mo, may mahanap ka d’un na guwapong Italyano,” pang-aasar pa nito.

“Duh!” Inirapan niya ito.

Nagtawanan ang kasalo niya sa mesa.

---

Next week ang schedule ng tour. Tinawagan ni Monica si Cheska upang yayain ito. Napapapayag niya ito na samahan siya sa Roma. Sariling pocket money lamang ang sagot nito.

Naalala niya ang pag-uusap nila sa telepono.

*“Tour sa Rome, ’tapos wala lang? Iba talaga ang*

*anak-mayaman!” biro nito.*

*Sanay na siya sa tabas ng dila ni Cheska.*

*“Graduation gift, eh. Sasama ka ba o hindi?”  
untag niya.*

*“Siyempre, oo!” Tumawa ito.*

*“All right, see you sa Manila next week?”*

*“Yep. See you, Girl! Miss you lots! Mabuti na lang pala hindi pa ‘ko nagsisimulang mag-review for the board exam. Next time na lang siguro,” tuwa nitong pahayag.*

Dalawang araw bago ang departure nila, naka-empake na ang mga gamit niya. Tinulungan siya ng ina at ito pa mismo ang namili ng mga dadalhin niya—to her horror.

Nagtataka siya kung bakit halos sexy lahat ang mga damit na pinili ng ina. Mga hapit na damit! They were decent, yes, branded even. Pero hindi siya sanay magsuot ng ganoon.

“Ma, ano ba ’tong mga pinagbibili n’yo?” nakasimangot na reklamo niya habang inilalagay nito ang mga damit sa luggage niya.

“Anak, sayang naman kung panay pang *Maria*

Clara ang isusuot mo, di ba? N'ung twenty-one ako..."

Hindi na niya pinakinggan ang iba pang sinabi nito.

---

Dumerecho si Monica sa condo unit nila sa Quezon City. Doon sila tumira ng kuya niya noong nag-aaral pa sa Maynila. Doon na rin niya pinatulog si Cheska para sabay na silang pumunta sa airport kinaumagahan.

Excited ang dalawa habang iniisip ang mga lugar na makikita nila. Nandiyan ang *Roman Forum*, *Vatican City*, *Colosseum*, at pati na rin ang *Pantheon*.

"I can't believe na makakapasyal ako sa Rome!" bulalas ni Cheska. "I'll see the *Roman Forum*, the *Vatican City*, the *Colosseum*, pati na rin ang *Pantheon*!"

She and Cheska were adventurous people. Iyon talaga ang dahilan kaya sila nagkalapit noong high school. Pareho nilang gusto na malibot ang mundo.

Si Cheska, pangarap mag-shopping sa kung saan-saan. Monica wanted to visit old cities. Nais niyang makakita ng mga lumang gusali, mga lumang paintings.

“Korek!” sang-ayon niya.

“At higit sa lahat, magsasawa tayo sa pasta!”dagdag nito.

Pagkain, isa pa iyon sa mga bagay na nagbibigkis sa samahan nila. Pareho silang mahilig kumain.

“At pizza!” dugtong niya.

Mababakas ang anticipation sa mapupungay na mga mata ng kaibigan. Cheska was beautiful. Mas maliit ito sa kanya pero maganda ang hubog ng katawan nito. Marami itong manliligaw noong nasa high school pa man sila. Popular ito sa mga kalalakihan, samantalang siya ay hindi komportable sa mga ito.

## 2

Philippine-based ang travel agency na nag-arrange ng tour nila. Bago sila umakyat sa eroplano ay nakausap pa nilang magkaibigan ang representative ng naturang agency. Pagdating sa Rome ay susunduin daw sila ng shuttle bus saka ihahatid sa kanilang hotel.

Pagsakay nila sa eroplano, nanlumo si Monica dahil hindi sila magkatabi ni Cheska. Instead, isang guwapong lalaki ang nasa tabi niya. Nasa twenty-four marahil ang edad nito. Tinitigan niya ang lalaking makakatabi buong biyahe.

In fairness. Tall, dark and lean. At siyempre, guwapo talaga.

*Sino kaya 'to?* tanong niya sa sarili.

Tila nakahalata ang katabi sa panunuri niya. Humarap ito sa kanya at pagkatapos ay siya naman ang tiningnan. Pakiramdam niya ay binuhusan siya ng malamig na tubig sa paraan ng pagkakatitig nito.

Mapupungay ang mga mata ng lalaki at medyo makapal ang pilikmata nito.

*Romantic Rome - Venice Del Valle*

---

*Kung sino pa ang lalaki, siya pa ang magandang ang pilikmata!* himutok niya.

“Excuse me, do we know each other?” tanong ng lalaki.

Pati ang boses nito ay nakahahalina.

*Lagot na*, anang isip niya.

“Ah, I’m afraid not,” nasabi niya.

“Ba’t ganyan ka makatingin?” tanong nito at tinaas ang zipper ng suot na jacket.

*Aba! Ano’ng akala ng lalaking ito? Na pinag-iisipan ko siya ng kung ano?*

“Ah—”

Dumaan ang flight stewardess bago pa natuloy ang balak niyang tarayan ang lalaki. Nagbigay ito ng sandwiches at bottled water.

Wala siya sa mood kumain. Humalukipkip siya at isinasantabi ang pagkain.

“Ilang oras din ang flight, sige ka, gugutumin ka,” anang lalaki. Tinitigan siya nitong muli.

*Aba! Pa-beautiful eyes pa!*

Hindi niya ito pinansin. Makaraan ang ilang oras



ay nakaramdam ng antok ang dalaga. Sumandal siyang mabuti sa upuan. Ayaw niyang paggising ay malamang nakasandal siya sa preskong lalaki sa kanyang tabi.

---

Nagising siya sa boses na narinig. Ilang sandali na lang daw ay lalapag na sila sa *Fiumicino Airport*. Kahit paano ay nakatulog siya, at hindi na niya kailangang magpahinga nang todo mamaya. Ayaw niyang masayang ang kahit ilang sandali.

Kailangang malibot niya ang Roma sa loob ng panahong ilalagi niya rito.

“Mabuti’t gising ka na.” Nakangisi ang katabi niya, halos ilang pulgada lang ang layo ng mukha sa kanya.

Napapitlag siya sa kinauupuan. Nakasandal na pala siya sa lalaking kanina lang ay napakaantipatiko.

*Hindi kaya isipin naman nito sinadya kong sumandal sa kanya?*

“I’m sorry, hindi ko alam naabala pala kita,” aniya. Hindi pa lubusang gising ang utak niya.

Nakita niya ang jacket ng katabi.

*Shucks! Nakakahiya! Nalawayan ko siya!*

Lumington siya sa kabilang direksyon. Saka niya naisip punasan na lamang ang jacket nito gamit ang sariling panyo.

“Wag ka gagalaw, ha?” aniya saka mabilis na pinunasan ang nasa balikat nito. Mabuti na lang at non-absorbent ang tela ng jacket nito, kung hindi...

“Anong...” Napailing ang binata, saka nakuha ang nangyari. Napakunot-noo ito saka inalis ang suot na jacket.

Naka-brown polo shirt ito sa ilalim ng jacket at litaw ang hubog ng dibdib nito sa suot. Iniiwas niya ang tingin sa katabi, baka maakusahan pa siya ng kung ano.

---

*Ciao, Roma!*

Legend has it, that the ancient city of Rome was founded by the twins Romulus and Remus. Rome indeed possessed grandeur. Naging isa sa pinakamakapangyarihang imperyo sa buong daigdig.

Naaliw si Monica sa naisip. She had always loved history and myths. Nang dumating ang babaeng may dalang placard ng *Wonderful World Travels* ay may

sampung minuto na silang naghihintay.

“I am so sorry, nagkaroon ng traffic on the way here,” paliwanag nito.

Napailing si Monica. Pilipino talaga! Hanggang sa ibang bansa idinadahilan ang traffic.

“By the way, I’m Sarah, and I’m going to be your tour guide for the entire course of your stay,” pagpapakilala nito, halatang pagod pa sa pagtakbo papunta sa kanila.

“Miss Monica Palma, Miss Cheska Jose, and Mr. Anton Villegas.” Inisa-isa sila nito.

“Here.”

Nilingonniya ang lalaki sa likuran nila na sumagot nang banggitin ang huling pangalan. Napanganga siya. Matapos ang nakakahiyang nangyari sa eroplano kanina, lihim siyang nagpasalamat na iyon na ang huling pagkikita nila ng lalaki.

Akala lang pala niya iyon.

Napakamalas naman niya! Makakasama pa pala nila ito sa tour. Tatlong pangalan lamang ang binanggit ni Sarah. Ibig sabihin ay tatlo lang sila sa grupong iyon?

*Oh, hindi...*

Naglakad silang lahat patungo sa shuttle bus. Ihahatid sila niyon sa hotel na kanilang tutuluyan. Pag-andar ng bus, tumayo sa harap nila si Sarah. Habang binabagtas nila ang kalye patungo sa hotel, nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa mga buildings, mga importanteng kalye, at mga landmarks na nadaraan nila.

“Mula rito, tanaw n’yo ang *Colosseum*. One day, we’ll explore it to your heart’s content,” ani Sarah, nakangiti.

Halos tuktok lamang ng *Colosseum* ang abotanaw nila.

Walang paglagyan ng tuwa sa puso niya. Kanina, habang nasa *Leonardo da Vinci Airport* sila ay masayang-masaya siya habang naririnig ang mga native Italian speakers na nagdaraan. Matagal na niyang gustong makapunta rito sa Italia.

Nakaupo sa unahan nila ni Cheska ang binata.

Anton Villegas.

Mabuti na lamang at nakatalikod ito sa kanilang magkaibigan. Tuloy ay hindi nito naririnig ang pinag-uusapan nila.

“Ang guwapo niya, ’no?” kinikilig na sabi ni Cheska.

Pinaikot niya ang mga mata. “Presko ’ka mo.”

Hindi niya ikinuwento ang nangyari sa loob ng eroplano. Baka tawanan pa siya ng kaibigan.

“Naku, aminin mo na. Pang-*Hollywood*,” gigil ni Cheska, parang high school na may bagong crush.

“Oo na, sinabi mo, eh,” pagpapatianod na lang niya.

Tumigil ang shuttle bus sa harap ng hotel. Elegante ang disenyo niyon. It was reminiscent of a nineteenth century Italian castle.

“We want you to feel Rome in its old but classic glory,” saad ni Sarah.

May hotel attendants na tumulong sa pagbuhat ng kanilang suitcases.

“Isa itong boutique hotel,” paliwanag ng tour guide. “This is the rage nowadays, in terms of accommodation, that is. People, especially tourists, are getting tired of traditional and mundane hotels. That’s why we opted to book you here. A wealthy merchant used to own this place. It had been his home before the twentieth century.”

*Ano raw? Gan'un na kaluma ang lugar na 'to? Hindi kaya bigla na lang 'tong gumuho pag biglang lumindol?*

Hindi na masyadong inintindi ni Monica ang sinasabi ng guide. Napakaganda pa rin ng hotel. Mukha ring matibay, at napakalinis kahit saan siya tumingin.

Napaka-romantic ng setting.

It reminded her of towers and dungeons, fairy tales and fairy godmothers. Yellow gold ang motif ng lobby. Ang mga uniporme ng hotel employees ay may gold embroideries din. May fountain na may marble statue sa gitna, parang diyosa na naliligo sa batis.

Napailing siya nang makitang doon nakapako ang mata ni Anton.

*Anak ng... pati ba naman estatwa?*

May napadaang hotel attendant at kinausap ito ng lalaki.

“Excuse me, is that a replica of the *La Belleza*, one of *Buchichio*'s less popular works?” tanong nito.

Napahiya siya sa iniisip. Art enthusiast pala si Anton.

“Tara na!” agaw ni Cheska sa atensyon niya.

Walang imik siyang sumunod dito.

May apat na palapag lamang sa gusaling iyon, at nasa pangalawang palapag ang silid nila ng kaibigan. Binaybay nila ang isa sa dalawang hagdan paakyat sa nasabing floor.

*Parang hagdan sa palasyo, naisip niya.*

Nai-imagine niya ang sarili na naglalakad pababa roon habang nakasuot ng long gown.

---

Hindi muna umakyat sa kanyang silid si Anton. Patuloy niyang pinagmasdan ang estatwa ni *Aphrodite*, ang diyosa ng kagandahan at pag-ibig. Well, in Roman myth, *Aphrodite* was Venus. Since he’s in Rome, maybe he should follow the Romans and refer to the statue as Venus.

Napabuntong-hininga ang binata. Muli siyang sumulyap sa estatwa. It reminded her of Tessa. Napakaganda—beyond words, in fact.

Dalawang taon na rin ang lumipas nang maghiwalay sila nito. At mula noon ay naging aloof na siya sa mga babae. Lalo na sa mga katulad ni Tessa na maganda at mataas ang ambisyon sa buhay.

So here he was—eligible but single.

Wala siyang balak na magpakatandang binata. Pero sa ngayon ay di pa siya handang magtiwala sa kahit na sinong babae.

---

“See you tomorrow at the lobby around eight in the morning,” Sarah bid. “Meanwhile, you may use the rest of the afternoon to rest or wander around the city by yourselves.” Iniwan na sila nito.

Hindi kalakihan ang kuwarto nila ni Cheska, pero comfortable iyon. Magara ang beddings. Monica thought that the dresser near their bed was fit for a queen.

May gold linings ang headboard ng kama nila at ang iba pang furniture. Ang pinakanagustuhan niya ay ang ilaw sa kuwarto nila. The brightness was adjustable. Pinaglaruan niya iyon hanggang sa magsawa. Naroong pagdilimin ang ilaw, pagkatapos ay paliliwanagin nang sobra. Daig pa niya ang bata.

Walang bath tub sa banyo pero kompleto halos sa mamahaling bath oils, soaps, moisturizer, lotion, at hair products. May fresh towels din sa cabinet.

Nagpahinga lang sila maghapon, at pagkatapos



maligo ay lumabas upang maglakad-lakad. Around five in the afternoon ay bumili sila ng pagkain sa isang malapit na grocery store.

Pagkatapos ay pumili sila ng restaurant at um-order ng sangkatutak na pasta dishes. Totoo nga na walang matamis na spaghetti anywhere in Italy.

Mga Filipino nga siguro ang nag-imbento ng matamis na spaghetti sauce. Madilim na nang makabalik sila sa hotel. Pagpasok nila sa silid ay may fruit basket sa kanilang mesita. Galing sa management.

Monica was able to translate the note from the hotel manager. It was in Italian. Napangiti siya. Nabuhay na naman ang interes niya sa lengguwahe.

At least, mapa-practice niya rito ang napag-aralan.

The general manager expressed his thanks and his wish that they enjoy their stay in the said hotel.

*Protocol*, she thought.

Pero parang gusto pa rin niyang itago ang note na nakasulat sa embossed stationery ng hotel. As a memento of her first stay in Italy.

### 3

Knee-length turtleneck na bestida ang suot ni Monica. Nang makontento sa nakita sa salamin, hinalungkat niya ang mga pagkaing binili nila ng kaibigan at naglagay ng ilan sa bag niya. Isinilid niya rin ang isang maliit na camera at spare batteries doon.

Quarter to eight pa lang ay nasa lobby na sila ni Cheska. Pagkaraan ng ilang sandali ay dumating na rin si Sarah at si Anton. Nakasuot ang lalaki ng long-sleeved polo na kulay cream.

“Today, we are going to visit the Vatican. Buong umaga tayo roon, and in the afternoon, kayo ang magde-decide kung saan pa tayo pupunta,” magiliw na sabi ni Sarah.

Nasa twenty-eight siguro ang edad ng babae. Nakasuot ito ng jacket at puting pantalon. Sinulyapan nito ang attire nila pagkatapos ay ngumiti.

“It’s a good thing walang naka-shorts o sleeveless sa inyo, dahil hindi kayo papapasukin d’un,” sabi nito. “I actually booked us all sa isang organized tour sa loob ng Vatican. You’ll be seeing the *Sistine Chapel*, *St. Peter’s Basilica* at higit sa lahat, the

rumored remains of St. Peter himself.” Kumindat ang babae sa kanila.

Monica felt so excited.

Eight-thirty sharp nagsimula ang tour sa Vatican.

“Two hundred seventy euros?” gulat na bulalas ni Cheska.

*Napakamahal naman pala ng tour na ito!* naisip ni Monica.

“It’s worth it,” marahang tugon ni Anton kahit hindi naman ito ang kinakausap.

“You’re right,” nakangiting sagot ni Cheska sa lalaki.

Ang Vatican ay wala pang kalahating kilometro cuadrado. May sariling newspaper, railway station, postal service, police force, telephone, radio system at bangko ang nasabing siyudad.

Sinalubong silang apat ng isang tour guide sa *Giovanni Lorenzo Bernini’s Colonnade* sa *St. Peter’s Square*. It was not a literal square. It was elliptical. May fountain sa gitna na agad niyang kinuhanan ng litrato. Namataan niya na ganoon din ang ginawa ni Anton. Gamit nito ang isang *DSLR*. Di hamak na mas maganda ang mga kuha nito kaysa sa mga pictures

na galing sa camera niya.

Una nilang binisita ang *St. Peter's Basilica*. Ito umano ang pinakamalaking Catholic church sa buong daigdig. Nasa sixty thousand ang capacity nito. Napatingin si Monica sa domed ceiling ng simbahan. It was amazing!

Napukaw ng isang bronze throne malapit sa altar ang atensyon niya. Luminga siya sa paligid upang hanapin si Cheska at yayain itong samahan siya roon. Hindi niya namataan ang kaibigan kaya mag-isa na lang niyang pinuntahan ang upuan.

*Ang daming makikita, kulang ang kalahating araw!*

Nang marating niya ang altar, pinagmasdan niyang mabuti ang upuan.

“Ginamit daw iyan ni Saint Peter,” anang boses sa likuran niya.

Lumingon siya. Si Anton.

“I see,” tangi niyang tugon. Agad siyang lumayo sa altar para hanapin na si Cheska.

Hindi sa maldita siya o suplada. Hindi lang talaga siya magaling makitungo sa mga lalaki. Natatakot siyang maging palakaibigan dahil baka

iba ang maging pakahulugan doon ng kabilang panig. Isa lang ang lalaking naging kaibigan niya noong high school.

Ilag siya sa mga lalaki. Iyon siguro ang dahilan kung bakit hindi pa siya nagkanobyong kahit minsan. May mga madalas lumingon at tumingin, may mga nagpalipad-hangin din. Pero ang distant behavior niya marahil ang dahilan kaya walang nagkalakas ng loob na ligawan siya.

---

Napangiti si Anton pagkaalis ng dalaga. Dalawang taon din niyang kinamuhian ang mga kababaihan. Ito ang unang pagkakataon na siya mismo ang lumapit para lang makipag-usap sa isa sa mga ito.

Napailing siya.

*Suplada, naisip niya.*

*Hindi suplada si Tessa.*

*At wala ding hilig sa mga historical na lugar o painting, dugtong ng isip niya.*

Naging ugali na niyang ikumpara ang lahat halos ng babaeng umaagaw ng atensyon niya kay Tessa. And he often grimaced tuwing nakikita ang

katauhan nito sa ibang babae.

---

Panay ang kuha ni Monica ng pictures. Paminsan-minsan ay nasasama sa kinukunan niya ang binata. At one point, mataman niya itong napagmasdan habang nakasilip siya sa camera. Matangkad ito, kayumanggi ang balat, at napakaganda ng mga mata.

She clicked the button. Hindi na siya nag-effort na hintaying umalis ang lalaki tuwing may nais siyang kuhanan ng litrato.

Ang *Sistine Chapel* ang sunod nilang binisita. Bahagyang natawa si Monica nang marinig ang sinabi ng guide. Huwag daw silang masyadong titingin sa taas dahil mababalian sila ng leeg.

“There’s more to the place than the ceiling,” their guide added.

Pero siyempre, hindi niya lalong naiwasan ang tumingin sa itaas. At namangha siya sa nakita. Dati ay sa mga libro lang niya iyon natutunghayan. Ngunit ngayon, nasilayan niya ang painting ni Michaelangelo sa kisame ng chapel.

Ayon sa tour guide, inutusan ni Pope Julius II

della Rovere noong 1508 si Michaelangelo Buonarroti upang i-repaint ang kisame ng chapel.

Throughout the tour, manaka-nakang sinusulyapan niya si Anton. Napansin niya kung gaano ito ka-absorbed sa mga paintings at buildings na pinuntahan nila. Katulad niya ay panay rin ang kuha nito ng larawan.

“And for the last stop, you’ll be seeing the tomb of Saint Peter,” saad ng guide.

Nagkatinginan sila ni Cheska.

Ayon kasi sa sabi-sabi, hindi totoong mga labi ni Saint Peter ang naroon.

They were led down a crypt. Isang salamin ang nakaharang sa pagitan nila at ng isang altar. Sa ilalim niyon daw nakalagak ang mga buto ni Saint Peter. May dalawang pillars sa tabi ng altar, at sa gitna ay may painting ng santo.

Alas doce na nang matapos ang tour sa Vatican City. Pagkalabas nila, tinanong sila ni Sarah kung saan nila nais pumunta.

“The *Colosseum*.” Si Anton ang nagsalita.

“Aayos lang ba sa ating lahat na magpunta sa *Colosseum*?” tanong ni Sarah.

Tumango lang silang magkaibigan. Matapos kumain, agad silang natungo sa sikat na landmark.

“The *Colosseum* can seat about fifty thousand spectators. It’s estimated that about five hundred thousand people died here,” pahayag ni Sarah.

Kahit alam niya ang tungkol doon, kinilabutan pa rin si Monica.

“The *Colosseum* was used for gladiatorial contests and public spectacles such as mock sea battles, animal hunts, executions, and reenactments of famous battles,” dagdag ni Sarah.

Kinunan niya ang gusali mula sa iba’t ibang anggulo. May tatlong palapag ito na may *Doric*, *Ionic*, at *Corinthian* columns. Ang mga arkitekturang iyon ay impluwensya ng Greece sa Italy.

*Mas maganda sigurong kunan ng picture kung gabi*, naisip ni Monica.

The following morning, ang *Roman Forum* at *Piazza Navona* ang binisita nila.

“Ang mahahalagang gusali sa ancient Rome ay nandito sa *Roman Forum*. Dito dati nakatayo ang palasyo ng emperor, mga templo, at government buildings. Ito ang naging sentro ng Roman Empire,”



paliwanag ni Sarah.

“Nagsimula ang *Roman Forum* bilang merkado, at nang lumaon, ito na ang naging sentro ng ekonomiya at komersyo ng imperyo,” dagdag ng babae.

Pinangalanan ni Sarah ang ruins ng mga templong nadadaanan nila. Templo ng mga diyos at diyosa sa Roman mythology ang naroon.

“One could say that Roman gods and goddesses have the same attributes with their corresponding Greek deities. Nag-iba lang ng pangalan. Pero mayroon ding nagkakapareho. Sa Greek myth, Apollo rin ang tawag sa Roman sun god na si Apollo. Ang Greek god of war na si Ares ay Mars naman ang pangalan sa Roman myth. Zeus is known as Jupiter here, Hades as Pluto, Hera as Juno, Athena as Minerva, Artemis as Diana and Aphrodite as Venus.”

Hapon na sila nakarating sa *Piazza Navona*.

“*Piazza Navona* is the epitome of Baroque architecture in Rome,” ani Sarah. “And that,” turo nito sa isang estatwa, “is *Pasquino*, the ‘talking statue’ of Rome. Nakilala ito noong sixteenth century, dahil kay Cardinal Oliviero Carafa. The statue spoke out about the people’s disappointment.

It also condemned injustice. Of course, ang mga tao mismo ang nagkakabit ng tinatawag na pasquimates kay *Pasquino*. Mga satirical poems iyon na nasa Roman dialect na nagpapahayag ng pagtuligsa nila sa pope o sa gobyerno.”

Sa ikatlong araw nila sa Rome ay marami nang nakita si Monica. Pero gusto niyang makita ang *Colosseum* sa gabi. She planned to return there tonight.

She wore a lightweight cotton dress and skirt.

“Cheska, lalabas lang ako, ha? Babalik ako around eight,” paalam niya.

She wanted to see the *Colosseum* by herself.

“S’an ka pupunta?” tanong nito.

“Babalik ako sa *Colosseum*, baka ’ka ko mas magandang kunan ng litrato pag gabi. Gusto mo bang sumama?”

“Gusto ko sana, pero pagod na pagod ako sa kalalakad natin kanina.” Pagkatapos niyon ay mabilis itong nahiga sa kama at nagsabing matutulog na.

Napailing siya. It was only six in the evening. Well, ayos lang kung ayaw siyang samahan nito. Matutupad ang gusto niyang makapunta roon mag-

isa.

Walking distance lamang mula sa kanilang hotel ang *Colosseum*. Itinuro ng napagtanungan niya ang kalye kung saan pinakamabilis niyang mararating ang lugar.

*Via Sacra* ang pangalan ng street. Sundan lang daw niya iyon at di siya maliligaw. Binagtas niya ang nasabing daan. Hindi madilim ngunit ilang tao lamang ang nakakasabay niya sa paglalakad.

Pagdating doon ay napansin niyang kakaunti lang ang tao, mga turista rin sa palagay niya. Tumigil siya saka kinuha ang camera sa bag.

Medyo madilim na. Gayunman ay nasisinagan ng dilaw na ilaw ang gusali. Napakaganda nito.

Huminga nang malalim si Monica. Ito na siguro ang una at huli niyang pagpunta sa Roma. Inihanda niya ang camera. Napapalatak siya.

*Bakit naman ngayon ka pa na-low batt?* himutok niya.

Luminga siya sa paligid.

*May mabibilhan ba ng batteries dito?*

Mukhang wala.